# Insurance Plan para sa Dati nang Kondisyon

This is an Official U.S. Government Product

## Isang Bagong Opsyon sa Health Coverage para sa mga Walang Insurance

May magandang balita para sa mga tao na nahirapang maghanap ng health coverage o tinanggihan ng coverage dahil sa isang dati nang kondisyon at akala nila'y naubusan na sila ng mga opsyon. Maaaring kwalipikado na sila ngayon para sa bagong programa na ginawa ng Affordable Care Act – ang Pre-Existing Condition Insurance Plan (PCIP). Ang PCIP ay isang paraan ng Affordable Care Act upang tulungan ang mga taong walang insurance at na may mga dati nang kondisyon na makakuha ng mahusay na pangangalaga sa abot-kayang mga presyo. Ang PCIP ay dinisenyo bilang isang tulay patungo sa 2014 kapag lumipat ang bansa sa isang bagong coverage at lahat ng mga Amerikano – anuman ang katayuan ng kanilang kalusugan – ay magkakaroon ng access sa abot-kaya at mahusay na health coverage sa pamamagitan ng kompetitibong marketplace para sa mga health plan na tinatawag na Health Insurance Exchange. Ang health coverage program na ito ay pinapamahalaan sa State level sa 27 estado at sa Federal level sa 23 estado at ng Distrito ng Columbia.

## Pagiging Kwalipikado sa Plan

Upang maging kwalipikado para sa programang ito, ang isang tao na nag-aaplay para sa coverage ay dapat: isang mamamayan ng Estado Unidos o legal na naninirahan dito; walang health coverage nang kahit man lamang 6 na buwan bago ng pag-aaplay; at mayroong dati nang kondisyon o tinanggihan ng coverage dahil sa isang kondisyon sa kalusugan. Ang pagiging kwalipikado ay hindi batay sa kita at ang mga nag-eenroll ay hindi sisingilin ng mas mataas na premium dahil sa medikal na kondisyon.

## Coverage

Ang Pre-Existing Condition Insurance Plan ay nagbibigay sa mga tao na mayroong dati nang kondisyon ng komprehensibong health coverage sa parehong presyo na binabayaran ng mga malulusog na tao. Sinasakop nito ang primary at specialty care, pagpapaospital, mga de-resetang gamot, home health at hospice care, skilled nursing care at preventive health at maternity care.

Ang mga premium ay maaaring mag-iba-iba depende sa kung saan ka nakatira, sa iyong edad at kung anong health plan ang napili mo. Maaaring panagutan ng mga enrollee ang pagbayad ng deductible at ilang mga gastos sa cost-sharing.

## Mga Resulta na Nagpapabago ng Buhay

Ang coverage program na ito ay nagbabago -- at nagliligtas -- ná ng mga buhay ng enrollee sa buong bansa at tumutulong sa kanila na magpagamot sa wakás para sa mga kondisyon na ilang taon nang naroroon. Si James ng Katy, Texas ay nasuri na may kanser sa utak noong nakaraang taon. Nakalahok si James sa Pre-Existing Condition Insurance Plan sa Texas at natanggap niya ang pagpapagamot na kanyang kinakailangan.

## Karagdagang Impormasyon

Ang bawat estado ay maaaring gumamit ng ibang paraan upang tiyakin kung ang isang tao ay mayroong dati nang kondisyon o tinanggihan ng health insurance coverage. Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang pagiging kwalipikado, plan benefits at rates, at kung paano mag-aplay, bisitahin ang www.pcip.gov. Ang PCIP Call Center ay bukás Lunes hanggang Biyernes mula 8 ng umaga hanggang 11 ng gabi Eastern Time. Tawagan ang libreng matatawagang numero sa 1-866-717-5826 (TTY 1-866-561-1604).

**www.pcip.gov**
**Libreng Matatawagang Numero: 1-866-717-5826 (TTY 1-866-561-1604)**

CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Produkto Blg. 11548-T (Tagalog)
Hulyo 2011